U.S. Small Business Administration

# Restaurant Revitalization Fund

Itinatag ng American Rescue Plan Act ang Restaurant Revitalization Fund (RRF) para makapagbigay ng pondo na tutulong sa mga restaurant at iba pang karapat-dapat na negosyo na mapanatiling nakabukas ang mga pinto nito. Nagbibigay ang programang ito sa mga restaurant ng pondo na katumbas ng kani-kanilang mga pagkalugi dahil sa pandemya na aabot sa $10 milyon sa kada negosyo at hindi hihigit sa $5 milyon sa kada pisikal na lokasyon. Hindi kinakailangan ng mga nakatanggap ng pondo na bayaran ang pondo hangga't ginagamit ito sa mga karapat-dapat na paggamit nang hindi lalagpas sa Marso 11, 2023.

Bumisita sa www.sba.gov/restaurants para sa mas maraming impormasyon.

## Sino ang maaaring mag-apply

Mga karapat-dapat na entidad na dumanas ng pagkalugi na kaugnay ng pandemya kabilang ang:

- Mga restaurant
- Mga food stand, food truck, food cart
- Mga caterer
- Mga bar, saloon, lounge, tavern
- Mga snack at nonalcoholic na beverage bar
- Mga lisensyadong pasilidad o pananahan ng isang producer ng inuming alkohol kung saan maaaring tikman, mag-sample o bumili ng mga produkto ang publiko
- Mga bakery*
- Mga brewpub, tasting room, taproom*
- Mga brewery at/o microbrewery*
- Mga winery at distillery*
- Mga inn*

** Kung ang nabebenta sa site sa publiko ay bumubuo sa 33% man lang ng mga gross receipt*

## Paano at kailan mag-apply

Makakapag-apply ka sa pamamagitan ng mga Point of Sale Restaurant Partners na kinikilala ng SBA o direkta sa paparating na online application portal namagagamit sa https://restaurants.sba.gov.

Iaanunsiyo ng SBA kung kailan magbubukas ang aplikasyon sa pamamagitan ng email at sa social media. Maaari kang mag-subscribe sa mga email alert namin sa www.sba.gov/updates o hanapin ang mga social media account namin sa www.sba.gov/social-media.

Maaaring may hingin na karagdagang dokumento kapag nag-apply ka. Makita ang buong lista sa www.sba.gov/restaurants.

## Humingi ng tulong sa aplikasyon mo

Para sa tulong sa paghahanda ng aplikasyon mo, maa-access moang sumusunod:

- Suporta ng call center: 1-844-279-8898 (Mga oras: Lunes-Biyernes 8am-8pm ET)
- Sa inyong lokal na District Office ng SBA sa www.sba.gov/local-assistance
- Makakukuha ng sample ng application form at detalyadong gabay sa programa na nasa maraming wika sa www.sba.gov/restaurants.